Republika ng Pilipinas
Republic of the Philippines
Kagawaran ng Edukasyon
Department of Education
REHIYON V (BIKOL)
REGION V (BICOL)
**TANGGAPANG PANSANGAY NG MGA PAARALAN NG LUNGSOD IRIGA**
SCHOOLS DIVISION OFFICE OF IRIGA CITY

MEMORANDUM PANSANGAY
Blg. 64, s. 2022

**PAGGAMIT NG NIREBISANG PANUNUMPA NG LINGKOD BAYAN**

Para sa : Nanunuparang Pinuno – Kawaksing Tagapamanihala
Mga Punong Superbisor ng Edukasyon
Mga Superbisor sa Programang Pang edukasyon
Iba't Ibang Opisyal sa Tanggapan ng Tagapanihalang Pansangay
Mga Kawami

1. Kalakip nito ang Memorandum Sirkular Blg. 15, s, 2021 ng Komisyon ng Serbisyo Sibil sa pinamagatang "ADOPTION OF THE REVISED 2021 PANUNUMPA NG LINGKOD BAYAN" mula sa Tagapangulong Alicia Dela Rosa – Bala, Komisyon ng Serbisyo Sibil, Batasan Hills, Quezon, Lungsod ng Quezon, na may petsang Nobyembre 11, 2021.

2. Kaugnay nito, ang lahat ng kawani ng Tanggapang Pansangay ng mga Paaralan ng Lungsod ng Iriga ay iniaatas ang pagbigkas nito sa bawat seremonya ng pagtaas ng watawat.

3. Para sa inyong patnubay at pagtalima.

**DANILO E. DESPI**
Tagapamanihalang Pansangay ng mga Paaralan

San Nicolas, Iriga City
(054) 299-2605
: irigacity@deped.gov.ph

***Panunumpa ng Lingkod Bayan* (2021)**

Ako ay isang lingkod bayan.

Pangangalagaan ko ang tiwalang ipinagkaloob ng mamamayan.

Maglilingkod ako nang may malasakit, katapatan, at kahusayan na walang kinikilingan.

Magiging mabuting halimbawa ako, at magbibigay ng pag-asa at inspirasyon sa aking kapwa lingkod bayan.

Lilinangin ko ang aking sariling kakayahan upang sa lahat ng panahon ay mapaglingkuran ko nang buong kahusayan ang sambayanan.

Hindi ako makikibahagi sa mga katiwalian sa pamahalaan.

Pipigilan at isisiwalat ko ito sa pamamagitan ng tama at angkop na pamamaraan.

Isasabuhay ko ang isang lingkod bayang maka-Diyos, maka-tao, makakalikasan at makabansa.

Tutugon ako sa mga hamon ng makabagong panahon tungo sa adhikain ng matatag, maginhawa, at panatag na buhay.

Sa mga tungkulin at hangaring ito, kasihan nawa ako ng Maykapal.